

1

Patuloy si Chris sa pagkuha ng litrato habang pinapanood sina Seth at Czarina na nagsasayaw sa gitna ng pavilion. Naroon sila sa isang malaking hotel na pag-aari ng pamilya Alarcon dahil doon ginanap ang wedding celebration ng dalawa. Araw iyon ng kasal ng matalik niyang kaibigan at ng babaeng mahal na mahal niya, subalit kinailangan niyang pakawalan sa huli dahil iyon ang tama.

He did it for Seth and Czarina to be happy. Marami nang pinagdaanan ang dalawa para mapatunayan ang pag-ibig ng mga ito sa isa't isa. Hindi na niya nais pang pahirapan ang pareha.

Kahit anim na buwan na ang lumipas, hindi pa rin niya tuluyang mapakawalan si Czarina sa kanyang puso. Aminado siyang mahal pa rin niya ito. At ang pagmamahal na iyon ang nagbunsod sa kanya na magparaya. Alam niyang mas magiging masaya si Czarina sa piling ng kaibigan niya.

Isinilid na ni Chris sa dalang backpack ang hawak na DSLR camera at isinukbit iyon sa balikat matapos makontento sa mga litratong kinunan niya sa bagong kasal. Ngunit bago pa man siya makahakbang paalis doon, narinig niya ang pagtawag ni Czarina sa kanya. Napalingson siya at napangiti nang makitang papalapit ito.

“Huwag mong sabihing aalis ka na? Masyado pang maaga,

ah,” nakangiting sabi nito.

“Kailangan. Aasikasuhin ko pa ang flower farm bago ako pupunta sa sementeryo.”

Kumunot ang noo nito. “Sementeryo?”

Oo nga pala. Hindi nito alam ang tungkol doon. “My sister’s there for five years now.” Iyon lang sa ngayon ang kaya niyang sabihin dito.

“Oh...” Napatango na lang ito, tila naintindihan ang ibig niyang sabihin. Hindi na ito nag-usisa pa na ipinagpasalamat niya. Ngumiti ito. “Okay. Hindi na kita pipigilan.”

Matapos niyon ay tinitigan ito ni Chris. Walang salitang lumapit siya sa bride at niyakap ito nang mahigpit. He wanted to be that close to her, even just for the last time.

Hindi nagsalita ang babae. Bagkus ay ginantihan lang nito ang yakap niya. Ngunit tila lalong bumigat ang pakiramdam niya dahil doon. Hindi na niya gustong pakawalan si Czarina sa mga bisig niya, pero hindi iyon maaari. Kailangan niyang pakawalan ito—literally and emotionally. Kailangan na niyang tapusin ang kahibangan niya kahit mahirap. It was the only way.

“Thanks, Chris,” bulong ng babae nang kumawala sa yakap niya. “I won’t forget this. Don’t worry. I know you’ll be able to find your own happiness. Huwag ka lang mapagod umasa.”

He smiled before finally releasing her. “Dahil ikaw ang

nagsabi niyan, paniniwalaan kita. I have to go.”

“Mag-iingat ka.”

Iyon lang at kaagad na siyang tumalikod. He had to before he cried in front of her. Kasabay ng pagtalikod niyang iyon ang pagkalat ng sakit at pait na unti-unting tumutupok sa kanya. Chris had to face his life and the reality. This time, hindi na kasama si Czarina sa buhay na kailangan niyang harapin—kahit sa panaginip.

“Kumusta ka na, Ate? Sorry kung ngayon lang ako nakapunta uli dito. Maraming trabaho kasi,” ani Chris matapos ilapag sa ibabaw ng nitso ang isang basket na puno ng daffodils. Galing ang mga iyon sa *Angel’s Meadow*, ang flower farm na apat na taon na niyang pinamamahalaan. At ang daffodils ang paboritong bulaklak ng kapatid niyang nasa puntod na iyon—si Catherine del Mundo.

His sister committed suicide five years ago. Hindi nito nakayanang tanggapin ang paglisan ng fiancé nito ilang araw bago ang nakatakandang araw ng kasal nito sa lalaki. Nag-iwan lang ang huli ng isang sulat na nagsasabing hindi na nito kayang pakasalan ang ate niya. Wala itong sinabing konkretong dahilan kung bakit ito nagdesisyon nang ganoon.

Ngunit sapat na iyon upang masaktan ang kapatid niya at ma-depress ito. Walang gabing hindi ito umiyak. Batid niyang

labis nitong dinamdam ang pag-iwan dito ng fiancé nitong si Santi Novencido.

Hindi na nila nakausap nang maayos si Cathy nang sumunod na mga linggo. Wala itong kinakausap na kahit sino sa kanila. Sinadya nitong i-isolate ang sarili sa mundo. Hindi na rin ito kumakain nang maayos. Nagkukulong lang ito sa kuwarto. Walang araw na hindi niya ito narinig na umiiyak kahit pinakikinggan lang niya ito mula sa labas ng silid nito. Sa loob ng mahigit isang buwan ay ganoon ang nangyayari.

Ngunit isang umaga ay ginulantang sila ni Cathy. Gaya ng nakagawiang gawin, si Chris ang nagdala ng pagkain ng kapatid niya sa silid nito. Sa pagbukas niya ng pinto ay ganoon na lang ang gitla niya nang matagpuan ang nakabiting katawan ng ate niya. Nagbigti ito. Nagpakamatay ito dahil hindi na nito kayang mabuhay nang wala si Santi sa buhay nito. Tuluyan na itong nagpatalo sa depresyon at kalungkutan. Sa ibaba ng nakabiting katawan ni Cathy ay naroon ang isang ginupit na article mula sa dyaryo. Tungkol iyon sa isang car accident sa highway na ikinasawi ng isang tao at ikina-comatose naman ng kasama nito. Ang namatay na iyon ay walang iba kundi si Santi.

“I’m sorry, Ate. Wala akong nagawa noon para tulungan ka. Forgive me for being so weak,” hirap na sambit niya.

After his sister’s death, tinupad ni Chris ang pangarap nito para sa kanya. He became a professional photographer. Nag-aral pa siya sa ibang bansa upang matupad lang iyon. He wanted his

sister to be proud of him even though she was gone. Kasabay ng pagtupad sa pangarap nito para sa kanya, nagbitiw siya ng pangako sa libingan nito.

He vowed to find the woman who became the reason why Santi left Cathy. Nalaman niya ang tungkol doon nang mabasa ang isang sulat na iniwan ng ate niya. It was her suicide note. Nakasaad sa liham na nakipagkita umano si Santi sa isang babae noong araw bago nakipagkalas kay Cathy ang lalaki.

Hindi siya sigurado kung paano iyon nalaman ng kanyang kapatid o kung ano ang naging basehan nito sa balitang iyon. Ang tanging mahalaga sa kanya nang mga panahong iyon ay magawa niya ang ipinangako niya rito.

Ngunit hanggang ngayon, wala siyang ibang impormasyong maaari niyang mapagkunan tungkol sa babaeng tinutukoy nito. Walang iniwan ang ate niya na maaaring makapagturo sa kanya kung sino at nasaan ang babaeng dahilan ng pang-iiwan ni Santi sa una. Hindi niya alam kung saan magsisimula.

“Ate, tulungan mo ako. Hindi ko alam kung magagawa ko ba ang ipinangako ko sa iyo.”

A lump formed in his throat. Kahit hirap ay pinilit niyang lumunok. Hanggang ngayon ay hindi pa rin matanggap ni Cathy ang sinapit nito.

“Please help me, Ate...”

Charming A Silent Heart - Florence Del Rio

Katahimikan ang bumalot sa kanya kasabay ng pag-ihip ng hangin. Chris closed his eyes and let himself feel the cold, gentle breeze.

Malalim na buntong-hininga ang pinakawalan ni Aerin habang pinagmamasdan ang dagat. Kagagaling lang niya sa sementeryo matapos bisitahin ang puntod ng mga magulang at pinsan niya. Tila balsamo sa kanyang pakiramdam ang pag-ihip ng hanging-dagat. Kailangan niya iyon dahil sa pagnanais na paluwagin ang nagsisikip niyang dibdib sa dami ng alalahanin.

Nagtungo kaagad siya sa sementeryo matapos bumalikwas nang bangon dahil sa isang masamang panaginip. Tumatahip ang dibdib niya at humihingal pa siya nang magising dahil doon. Napanaginipan niya ang trahedyang kumitil sa buhay ng pinsan niya. Hindi niya alam kung paano nga ba siya nakaligtas gayong pareho silang nakaupo sa harap. Ito ang nagmamaneho at siya naman ay nasa front passenger seat.

It was raining when it all happened. Bumangga ang SUV na sinasakyan nila sa isang truck na hindi niya alam kung saan nagmula. Next thing she knew, she woke up in a hospital, unable to speak because of an injury in her throat from the accident. That was after being in a comatose state for more than a week. What shocked her was the news that her cousin ended up dead. Kung paano nakaligtas si Aerin sa tindi ng pinsalang tinamo niya ay hindi niya alam.

Charming A Silent Heart - Florence Del Rio

Bumuntong-hininga na lamang uli ang dalaga. She watched the sea with a sad smile. Hindi niya alam kung paano pa niya nagagawang gumising sa bawat umaga matapos ang trahedya. It had been five years and yet the pain seemed to have not faded at all—not even a bit.

Ibinaling niya ang tingin sa ibang direksyon nang magsawa na siya sa pagmamasid sa dagat. Pero nasorpresa siya sa tanawing sumalubong sa kanya. Isang guwapong lalaki ang ngayon ay nakatingin sa kanya habang hawak ang isang DSLR camera.

Sa akin ba talaga nakatingin iyon?